



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS: Enero 14, 2020

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristine Roselius - 415.749.4900

Air District at Aclima, iaanunso ang kauna-unahang programa para sa hyperlocal na datos ng kalidad ng hangin

Datos ng kalidad ng hangin ng bawat block para sa buong Bay Area, kakalapin sa 2020

SAN FRANCISCO – Sa araw na ito, mag-aanunso ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) at Aclima ng isang makabagong programa para sa datos ng kalidad ng hangin na magmamapa ng mga nagpaparumi sa hangin at emisyon ng greenhouse gas sa lahat ng siyam na county ng Bay Area — na may sakop na mahigit sa 5,000 square mile.

Upang makapangalap ng datos ng kalidad ng hangin, may mga fleet ng mga sasakyang kaunti lang ang emisyon, na may mga device at software para sa pagtukoy ng kalidad ng hangin, na patuloy na mangongolekta, susuri, at magmamapa ng mga antas ng polusyon sa hangin at greenhouse gas habang dumaraan sa mga kalsada ng Bay Area na naa-access ng publiko. Ang datos ay magtatakda ng baseline para sa bawat blockna konsentrasyon ng mga kritikal na nagpaparumi sa hangin at greenhouse gas kasama ang mga pinong particulate, ozone, at nitrogen dioxide.

“Magbibigay ang programang ito sa komunidad, sa buong rehiyon ng Bay Area, ng antas ng access at visibility sa datos ng kalidad ng hangin na hindi pa naibibigay noon,” ayon kay Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na direktor para sa Air District. “Sa pamamagitan ng makabago at mahuhusay na bagong tool na ito, maibubunyag ang mga kapansin-pansing kaibahan sa kalusugan na kinakaharap ng marami sa rehiyon at mabibigyang-kaalaman ang mga gumagawa ng batas, kaya mas mahusay silang makakapagpasya kaugnay ng pagprotekta sa kalusugan ng lahat ng residente ng Bay Area.”

Kokolektahin ang naturang datos sa 2020 hanggang sa unang bahagi ng 2021 sa lahat ng siyam na county ng Bay Area. Kapag nakumpleto at nasuri na ang koleksyon ng datos, isasapubliko online ang mga insight tungkol sa kalidad ng hangin batay sa address. Maa-access ang mga antas ng nagpaparumi sa hangin para sa isang rehiyon, lungsod, o block. Ipapakita rin ng may mataas na resolution na larawang ito ng kalidad ng hangin ang mga hotspot ng polusyon sa hangin, na magbibigay-daan sa mga mas naka-target na pagsisikap para sa pagkontrol ng mga emisyon.

Sa huling bahagi ng nakaraang taon, sinimulan ng Air District at Aclima ang pangongolekta ng datos sa unang komunidad sa programa – ang Richmond-San Pablo – bago ilunsad ng mga ito ang pambuong-rehiyon na pagsisikap na iaanunso ng Air District ngayong araw. Magiging available ang mga mapa para sa Richmond-San Pablo sa unang bahagi ng taong ito.

Ang Aclima ay isang kumpanya sa San Francisco na naghahatid ng hyperlocal na datos at mga insight tungkol sa kalidad ng hangin upang mapabuti ang kalusugan ng mga tao at ng planeta.

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, Instagram at YouTube. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Iligtas ang Hangin, bumisita sa www.sparetheair.org.

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)